

Messenger RNA ng Bakuna sa COVID-19: Kathang-isip vs. Katotohanan

Ilang mga kathang-isip ang lumulutang sa paligid tungkol sa messenger RNA (mRNA) na mga bakuna sa COVID-19. Ating tugunan ang mga katotohanan.

KATHANG-ISIPNG BAKUNA

KATOTOHANAN NG BAKUNA



KATHANG-ISIP: Ang mRNA COVID-19 na mga bakuna ay nagbibigay sa iyo ng COVID-19.

KATOTOHANAN: Ang mRNA COVID-19 na mga bakuna ay hindi nagbibigay ng COVID-19 sa iyo.

Wala sa mga bakuna ng COVID-19 ang nabuo sa Estados Unidos (U.S.) ang gumagamit ng buhay na virus na nagdudulot ng COVID-19. Ang layunin nitong mga bakuna ay turuan ang ating immune system paano tukuyin ang labanan ang COVID-19 virus.



KATHANG-ISIP: Ang mRNA na COVID-19 na mga bakuna ay sanhi ng pagiging positibo sa pagsusuri sa COVID-19 viral tests.

KATOTOHANAN: Ang mRNA COVID-19 na mga bakuna ay hindi nagsasanhi ng pagiging psotibo sa COVID-19 viral tests.

Ang mRNA COVID-19 na mga bakuna sa U.S. ay hindi nagdudulot ng pagiging positibo sa pagsusuri sa kasalukuyang impeksyon ng viral tests. Kung ang iyong katawan ay bumuo ng isang immune response at ang pagsusuri ay positibo sa parehong antibody tests, ang nakaraang impeksyon ay maaaring magbigay ng parehong antas ng proteksyon laban sa virus.



KATHANG-ISIP: Ang mga tao na nagkasakit sa COVID-19 ay hindi makakakuha ng benepisyo mula sa pagpapabakuna.

KATOTOHANAN: Ang mga tao na nagkasakit sa COVID-19 ay nakakakuha ng benepisyo sa pagpapabakuna.

Pinapayuhan ang mga tao na kunin ang bakuna ng COVID-19 kahit na sila ay nagkasakit ng COVID-19 noon. Ang muling impeksyon ay posible at ang pagpapabakuna ay isa sa mga pinakamabuting paraan na protektahan nag iyong sarili, ang iyong pamilya, at komunidad.



KATHANG-ISIP: Ang pagpapabakuna ay hindi makakatulong sa pag-iwas na magkasakit sa COVID-19.

KATOTOHANAN: Ang pagpapabakuna ay nakakatulong sa pag-iwas na ikaw ay magkasakit sa COVID-19.

Ang bakuna ay mas epektibo sa pag-iwas na magkasakit nang malubha o maospital sa COVID-19. Ito ang pinakamabuting paraan na makakakuha ng immunity sa sakit.



KATHANG-ISIP: Ang pagpapabakuha ng mRNA COVID-19 na bakuna ay magbabago sa iyong DNA.

KATOTOHANAN: Ang pagpapabakuna ng mRNA COVID-19 na bakuna ay hindi binabago ang iyong DNA.

Ang kasalukuyang mga bakuna sa COVID-19 ay binuo gamit ang mRNA. Ang mRNA ay mga tagubilin kung paano makakagawa ng protina o makagawa ng isang piraso ng protina. Hindi biyolohikal na posible para sa mRNA mula sa bakuna ng COVID-19 na baguhin o palitan ang DNA ng isang tao.



Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa COVID-19 na bakuna, bumisita

sa: coronavirus-sd.com/vaccine

